# ARIEL SOTELO TABÁG

ARIEL SOTELO TABÁG. Ilokanong manunulat. Nakatanggap na ng mga gantimpala at *grant* mula Palanca, NCCA, KWF, NBDB, at ilang patimpalak sa Kailokanuhan para sa kaniyang mga nobela, maikling kuwento at tula. Awtor ng *Karapote* (koleksiyon ng maikling kuwento), *Ay, Ni Reberen! (*nobela), *Panangarakup iti Ipus ti Layap (*kalipunan ng mga tula), *Kapessat ti Bagis* (nobela), *Panangsapul iti Puraw a Kabalio* (nobela), *Villa ken Dadduma Pay nga Ababa a Sarita* (koleksiyon ng maikling kuwento), at *Voice Tape ken Dadduma Pay a Napili a Sarita* (koleksiyon ng piling maikling kuwento). Kasapi sa patnugutan ng *Bannawag Magazine.* Nagsasalin ng mga akda ng mga manunulat na Ilokano. Ipinanganak sa Villa, Santa Teresita, Cagayan at nakatira sa Quezon City kasama ang asawa at dalawang anak.

# RUGI

Nakaparsuaan ti aluyo
Nga iduronnaka sadiay.

Nalabit pannusa iti kadawyan
Ngem iti maysa nga agdaldaliasat
Kas kenka
Agturong iti immortalidad
Gunggona ti agmaymaysa
Wenno makikamaysa iti rugi.

Tunggal ladrilio, tunggal kanito
Tunggal tanamitim ti sapata
Ritmo daytoy ti panagbukel
Iti pagtaengan, ken panagtaeng.

# SIMULA

Ang kalikasan ng daluyong
Itutulak ka sa dako roon.

Parusa marahil sa karaniwan
Subalit sa isang manlalakbay
Kagaya mo
Patungo sa immortalidad
Gantimpala ang mag-isa
O makiisa sa simula.

Bawat ladrilyo, isang sandali
Bawat usal ng panata
Ay ritmo ng pagbuo
Ng isang tahanan, pagtahan.